●01 Ang Sistemang pang-edukasyon ng Japan

●02 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang pang-elementarya?（Buhay studyante）

●03 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang pang-elementarya?（pangyayari）

●04 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang Gitnang Paaralan?（Buhay studyante）

●05 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang Gitnang Paaralan?（pangyayari）

●06 Ano ang High school?

●07 Ang mga patakaran sa pagkuha ng pasukan pagsusulit

●08 Mga kagamitan para sa eskuwela

●09 Listahan ng mga pang-internasyonal na paaralan

●10 Mga klase sa wikang hapon sa loob ng paaralan at sa komunidad

●11 Lugar kung saan makakakuha ng imporasyon tungkol sa trabaho (Listahan ng Hello work)

●12 Bukod sa mga karaniwang klase sa mataas na paaralan, mayroong mga paaralan na naghahandog ng dalubhasang karunungan at pagsasanay sa kakayahan (Pagkuha ng kasanayan para makapagtrabaho)

01 Ang Sistema ng pang-edukasyon ng Japan TOP



02 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang pang-elementarya?（Buhay studyante）

TOP

Sa prefektyur ng Osaka ang mga sumusunod ay nakatakdang mga patnubay. Maari ang mga ito ay magkaiba sa bawat paaralan, kaya’y marapat na tanungin ang inyong mga guro.

◆Pagpunta sa Eskuwela

1. Ang daan papuntang eskuwela

Mayroon mga nakatakdang landas papunta sa bawat eskuwela upang makasigurado sa kaligtasan ng mga mag-aaral. Ang mga tawag dito ay “tsuugakuro”. Ang mga landas na ito ay pinili bilang pinakaligtas na daanan kaya marapat na ang mga ito ay gamitin.

2. Mga paraan sa pagpunta sa eskuwela

○Magkagrupo

Mga bata na nakatira malapit sa isa’t-isa ay lumalakbay papuntang eskuwela ng sabay-sabay.Manigurado na makarating sa lugar ng pagtatagpo sa takdang oras.

○Sarilinan

Ang bata ay lumalakbay papuntang paaralan ng mag-isa o kasama ang kapitbahay.

◆Simula ng klase

Nag-sisimula ang klase bawat araw ng mga 8:25 hanggang 8:30 ng umaga. Siguraduhing dumating sa paaralan ng sampung minuto bago magsimula ang klase. Kapag hindi pumunta sa eskuwelahan bago ang oras na ito itinuturing na “late” ang mag-aaral. Marapat na ipaalam sa eskuwelahan kung ang estudyante ay mahuhuli o liliban sa klase buhat ng sakit o ibang dahilan

◆Oras ng pag-aaral

Ang bilang ng mga klase at oras ng labasan ay umiiba batay sa araw at baitang. Para sa ika-anim na baitang, nagsisimula ang klase sa 8:30 at may 4 na klase sa umaga (bawat klase ay tumatagal ng 45 minuto). Pagkatapos ng tanghalian (maaring laan ng paaralan o baon), meron 2ng klase natitira sa hapon. Sa isang araw, ang mga klase ay tumatagal ng 5 o 6 na oras sa kabuuan. Ang pag-aaral ay naka-sentro sa direksyon ng guro.

◆Mga tanghalian linalaan ng paaralan o baon (tanghaliang dala mula sa bahay)

Halos lahat ng paaralang pang-elementarya sa Osaka ay naglalaan ng tanghalian para sa mga estudyante. Sa tanghalian, ang mga bata ay pumapalit kung sino ang may tungkulin sa pagmamahagi ng pagkain at sa paglilinis pagkatapos. Ito ang tinatawag na pagiging “kyushoku touban”.

May mga araw na walang nakalaan na tanghalian ang eskuwela, katulad ng unang araw ng pasukan o tuwing may magaganap sa paaralan. Sa mga okasyon na ito, kinakailangan magdala ng baon. Magbibigay-alam ng eskuwela ng maaga bago ito magaganap.

Kung merong mga pagkain na hindi makakain ng bata dahil sa kanyang relihiyon o dahil ito ay nakakasama sa kanya, marapat na makipag-konsulta sa guro upang malaman ang maaring gawin.

Ang mga tanghalian linalaan ng eskuwelahan ay dapat bayaran ng mga magulang o ng tagapag-alaga. Ito ay nagkakahalaga ng 3500 yen hanggang 4500 yen bawat buwan.

◆Oras ng paglilinis

May oras bawat araw na nakalaan sa paglilinis. Sa elementarya, ito ay nagaganap pagkatapos ng tanghalian. Nililinis ng mga bata ang silid-aralan, ang hagdanan, ang pasilyo, ang palikuran at iba pa. Linisin natin ng sama-sama ang lugar kung saan tayo’y nag-aaral ng sama-sama.

◆Uwian

Ang mga mag-aaral ay ginagamit ang parehong daan sa pag-uwi. Ang oras ng uwian ay umiiba batay sa baitang at araw ng linggo. Naiiba din ito tuwing araw na may magaganap sa paaralan. Ipagpapaalam ng paaralan ng maaga bago ito magaganap.

◆Damit pampaaralan

Halos lahat ng paaralan sa elementarya ay pinapayagan na suotin ng estudyante ang anuman na gusto nila. Ngunit meron din mga eskuwela na may takdang uniporme.
Tuwing oras ng P.E. kinakailangan na magpalit ang mga mag-aaral sa kanilang P.E. uniform upang sila ay malayang makakagalaw. Bukod sa mga pangsilid-aralan na mga sapatos, may mga paaralan na kinakailangang magpalit ang mga mag-aaral sa mga sapatos na para lamang sa loob ng dyim.
Kung ang bata ang itinakdang mamahagi ng tanghalian para sa araw, kinakailangan niyang gumamit ng takip sa mukha, epron, at sumbrero. Ang takip sa mukha ay dapat pangsariling-gamit lamang.

Tuwing klase ng palangoy sa panahon ng tag-init, kinakailangan na magsuot ng kasuotang panligo at takip para sa ulo (swimsuit at swimming cap). Kapwang pangsariling-gamit lamang. Dapat sulatin ang pangalan ng bata sa sariling kagamitan. Para sa karagdagang kaalaman, makipagusap sa paaralan.

◆Ang klase

Ang isang klase ay binubuo ng 40 na estudyante o mas mababa at isang moderator na guro. Bagama't ang moderator ang namumuno sa mga klase, maaring may ibang guro ang magtuturo ng arts and crafts, musika, o karunungang pang-bahay. Posible rin na hindi lamang iisa ang itatakdang guro para sa mga ito.

※Ang bawat paaralan ay may kanya-kanyang tinatalakay, mga gawain sa umpisa at wakas ng klase, at iba't-ibang pagdiriwang ng paaralan. Kung may hindi malinaw o pagaatubili huwag mahiyang magtanong kaagad sa guro.

◆Ang Kurikulum

Ito ay ang mga sabjek para sa bawat baitang.
1-2 na baitang: Wika (Hapon), Aritmetika, Buhay, Musika, Arts and Crafts, P.E., Natatanging sabjek "Moral Values"
3-4 na baitang: Wika (Hapon), Aritmetika, Araling Panlipunan, Science, Musika, Arts and Crafts, P.E., Natatanging sabjek "Moral Values", mga aktibidad sa wikang banyaga
5-6 na baitang: Wika (Hapon), Aritmetika, Araling Panlipunan, Science, Musika, Arts and Crafts, P.E., Karunungang Pambahay, Natatanging sabjek "Moral Values", mga akitibidad sa wikang banyaga

※Bukod sa mga ito, mayroong oras para sa mga natatanging gawain (sa silid-aralan, sa konseho ng mag-aaral, club, mga kaganapan ng eskwela) at pangkalahatang edukasyon.
Ang mga natatanging gawain ay masasabing katulad ng mga gawain ng konseho ng estudyante, na pinapatupad mismo ng mga bata upang gawing mas maganda ang pamumuhay sa eskwela.

◆Mga gamit para sa silid-aralan

Ang mga aklat-pampaaralan ay libre. Ang ibang gamit na kakailanganin maliban sa mga aklat ay marapat lamang na ihanda sa bahay. May mga klase na nangangailangan na dalhin ng mga estudyante ang sarili nilang gamit.

Pambansang Wika (Hapon) – panulat na brush, tinta atbp.
Musika – Silindro na may teklado, rekorder atbp.

Arts and Crafts – akwarela, krayola, kraypas atbp.
Karunungang Pantahanan – mga gamit pantahi atbp.

Batay sa aralin, ang mga gamit na itinakdang kailangan ng paaralan ay sabay-sabay na binibili ng paaralan para sa lahat kaya may kasong maniningil para sa mga sari-saring gamit.

◆Mga tagapagsalin

Para sa mga magulang o tagapag-alaga at kanilang mga anak na kasalukuyang nahihirapan makipag-usap sa wikang Hapon, may eskuwelahan ng maaring ipagpatawag ang mga tagapagsalin. Para sa karagdagang kaalaman, ikonsulta ang guro.

◆Mga pagsusuring medical

【Mga pagsusuring medikal】
Mga paaralan sa Japan ay itunuturing mahalaga ang pagsusuring medikal. Mayroong maraming uri ng pagsusuring medikal.
- Pagsisiyasat sa kalusugan (pagkuha ng kasaysayan, pagsusuri ng kasalukuyang kalagayan)
- Pagsukat ng tangkad at timbang, pagsuri sa loob ng katawan (kondisyon ng tiyan), pagsuri sa mga mata (tungkol sa kalusugan ng mga mata), pagsuri sa tenga at ilong (tungkol sa kalusugan ng tenga at ilong), pagsuri sa ngipin (tungkol sa kalusugan ng ngipin), pagsuri sa paningin (tungkol sa antas ng paningin), pagsuri sa pandinig (tungkol sa pagpaparinig ng tunog)
- Pagsusuri para sa TB (Tuberculin reaction test)
- Pagsusuri sa puso (ECG) Lahat ng mag-aaral ng unang grado ng elementarya ay kinakailangang sumailalim sa pagsusuring ito.
- Pagsusuri ng ihi

※Mayroong din mga okasyon na kinakailangang sumailalim sa pagsusuri bago lumahok sa mga nakakapagod na gawain, katulad ng paglalangoy, takbuhan, pag-akyat ng bundok at magdamagang paglalakbay.

◆Ang talaan ng marka

Ang mga grado at pagsapi sa mga gawain ng paaralan ng bata ay nakatala dito. Natatanggap ito sa araw ng Pangwakas na seremonya, ang huling araw ng termino. Pagkatapos na ipakita sa mga magulang o tagapag-alaga, binabalik ito sa guro sa araw ng Panimulang seremonya, ang unang araw ng susunod na termino.

03 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang pang-elementarya? (pangyayari) TOP

Buhay studyante sa elementarya at mga kaganapan

Nag-uumpisa ang bawat school year mula Abril at nagwawakas sa Mayo sa susunod na taon. Karamihan ng paaralan ay hinahati ang taon sa tatlong bahagi (trimester), ngunit meron ding mga paaralan na hinahati ang taon sa dalawa o tatlong bahagi. Maraming pagdidiriwang ang nagaganap sa eskwelahan. May okasyon na kinakailangan ang pag-dalo ng mga magulang o ng tagapag-alaga. Mayroon ding kinakailangan ng kaunting pag-laan ng salapi. Ang paaralan mismo ang makakapagbigay ng karagdagang impormasyon. Ang pagtawag sa kaganapan ay maaring magkaiba sa bawat paaralan at lokasyon ng tirahan, ngunit ang mga ito ay maraming pagkakahawig, katulad ng nakaasaad sa sumusunod ng may tatlong termino.

Unang termino (Abril- Hulyo)

●**Panimulang seremonya**
Ginaganap sa unang araw ng pasukan. Ang bawat antas ng buong paaralan ay karaniwang kasapi dito
●**Seremonya ng pagpasok**
Ito ay pagdiwang sa pagtanggap ng mga estudyante sa unang baitang. Ang mga magulang o ang tagapag-alaga ay maari ding dumalo.
●**Pagsusuring medikal**
Tinitingnan ng doctor kung nasa magandang kalusugan ang mga estudyante.
●**Pagsukat ng tangkad at timbang**
Sinusukat ang tangkad at timbang ng mga mag-aaral
●**Pagbisita sa bahay**
Ang guro ay bumibisita sa bahay ng bata upang pag-usapan ang sitwasyon sa bahay sa mga magulang o tagapag-alaga.
●**Field Trip**
Ang mga bagay-bagay na hindi maaring mapag-aralan sa loob ng silid-aralan ay pinagaaralan sa labas. Maaring dumapo sa mga paksa na nauugnay sa kalikasan, kasaysayan, kultura at iba pa.
●**Pagbisita sa silid-aralan**
Mga magulang o ang mga tagapag-alaga ay maaring magbisita sa silid-aralan upang malaman ang mga karanasan ng mga bata sa eskwelahan.
●**Pagpupulong ng mga magulang at guro**
Ang mga gulang o mga tagapagalaga ay nakikipagkita sa guro ng isang beses bawat termino at pinag-uusapan ang pag-aaral, ang buhay sa paaralan at sa bahay ng mga bata
● **Pagpupulong sa klase**
Ang mga magulang o tagapag-alaga ay dumadating sa klase upang pag-usapan sa guro tungkol sa kanilang mga anak.
●**Pagpupulong ng mga magulang, anak at guro**
Nakikipag-usap ang tatlo (o apat) na guro, ang mga magulang o tagapag-alaga at bata tungkol sa buhay sa paaralan at bahay. Ito ay karaniwang nagaganap malapit sa dulo ng termino.
●**Pag-aral ng paglangoy**
May mga swimming pools karamihan sa mga paaralan. May mga swimming classes na ginaganap tuwing gitna ng Hunyo hanggang Hulyo.
●**Pangwakas na seremonya**
Ito ay ginaganap tuwing magtatapus ang isang termino sa paaralan. Nagpupulong ang buong paaralan.
●**Tag-init na bakasyon**
Ito ay isang mahabang bakasyon na tumatagal ng tatlumpu hanggang apatnapung araw. Sa panahong ito,

maaring bumalik ang mga mag-aaral sa eskwelahan para sa mga klase sa paglalangoy, mga gawain para sa kanilang mga klub, at iba pa.

Pangalawang Termino (Setyembre-Disyembre)

●**Paligsahan**
Ang layunin nito ay gawing masaya ang pisikal na pagkilos sa pamamagitan ng mga paligsahan katulad ng takbuhan, relay race, pagsasayaw at pag-cheer sa kapwa kaklase.
Depende sa paaralan, maaring hilingin ang partisipasyon ng mga magulang. Karaniwang tinatawag na “undoukai”.

●**Field trip**
Ang mga mag-aaral mula sa ika-anim na baiting ay sabay-sabay maglalakbay sa isang lugar at mananatili ng magdamagan. Ito ay karaniwang nagaganap sa pangalawang termino.

●**Pagdiriwang ng kultura, Pagpalabas ng mga gawa ng estudyante, Pagtanghal ng Arts**
Ang mga bata ay nasisiyahan sa pagpapalabas ng kanilang mga gawa sa arts, crafts, karunungang pantahanan; pageksibit ng kanilang mga pananaliksik sa araling panlipunan at science; pagtugtog ng mga instrumentong musikal o pagkakanta; pagtatanghal ng dula at iba pa. Mga magulang o ang tagapag-alaga ay karaniwang maaring dumalo.

●**Taglamig na bakasyon (mula dulo ng Disyembre hanggang umpisa ng Enero)**
Ang bakasyong ito ay tumatagal ng dalawang linggo.

Ikatatlong Termino (Enero-Marso)

●**Pagtatapos**
Isang kaganapan ng selebrasyon kung saan binibigyan ng diploma ang mga kinikilala na nakatapos ng pag-aaral.

●**Pangwakas na seremonya**
Nagaganap sa huling araw ng klase. Kadalasang nakatipon ang lahat ng mag-aaral.

●**Tagsibol na Bakasyon**
Ito ay nagtatagal ng mga dalawang linggo. Nagsisimula mula sa pagtapos ng Pangwakas na seremonya. Pagkatapos ng bakasyon na ito, ang mga mag-aaral ay sinusulong sa susunod na baitang at isang panibagong school year ay magsisimula muli sa Abril.

04 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang Gitnang Paaralan? (Buhay studyante)

TOP

Sa mga junior high school sa Osaka ang mga sumusunod ay nakatakdang mga patnubay. Maari ang mga ito ay magkaiba sa bawat paaralan, kaya'y marapat na sumangguni sa inyong mga guro.

◆Pagpunta sa Eskuwela

1 Ang daan papuntang eskuwela

Mayroon mga nakatakdang landas papunta sa bawat eskuwela upang makasigurado sa kaligtasan ng mga mag-aaral. Ang mga tawag dito ay "tsuugakuro". Ang mga landas na ito ay pinili bilang pinakaligtas na daanan kaya marapat na ang mga ito ay gamitin.

2 Paraan pagpunta sa eskuwela

Ang paraan ang pagpunta sa eskuwela nang mag-isa o kasama ang mga batang kapitbahay. Sa gitnang paaralan, ang mga estudyate ay kadalasang pumapasok sa paaralan nang isa't isa.

◆Simula ng klase

Nag-sisimula ang klase bawat araw ng mga 8:25 hanggang 8:30 ng umaga. Siguraduhing dumating sa paaralan ng mga sampung minuto bago magsimula ang klase . Kapag hindi dumating sa eskuwelahan bago ang oras na ito, itituring na "late" ang mag-aaral. Marapat na ipaalam sa eskuwelahan kung ang estudyante ay mahuhuli o liliban sa klase buhat ng sakit o ibang dahilan.

◆Oras ng pag-aaral

Ang bilang ng mga klase at oras ng labasan atbp ay magkapareho para sa lahat ng baitang. Nagsisimula ang klase ng 8:30 am at may 4 na klase sa umaga (bawat klase ay nagtatagal ng 50 minuto). Pagkatapos ng tanghalian mayroong 2 pang klase sa hapon. Sa kabuuan may 5-6 na oras ng klase sa isang araw. Magkakaiba ang guro para sa bawat klase

◆Baon (hinahanda sa bahay)

Para sa mga eskwelehang may "kyuushoku", ang mga bata ay nagpapalitan kung sino ang may tungkulin sa pagmamahagi ng tanghalian at sa paglilinis pagkatapos. Ito ang tinatawag na pagiging "kyushoku touban".

May mga araw na walang nakalaan na tanghalian ang eskuwela, katulad ng unang araw ng pasukan o tuwing may magaganap sa paaralan. Sa mga okasyon na ito, kinakailangan magdala ng baon. Magbibigay-alam ng eskuwela ng maaga bago ito magaganap.

Kung merong mga pagkain na hindi makakain ng bata dahil sa kanyang relihiyon o dahil ito ay nakakasama sa kanya, marapat na makipag-konsulta sa guro upang malaman ang maaring gawin.

Ang mga tanghalian linalaan ng eskuwelahan ay dapat bayaran ng mga magulang o ng tagapag-alaga. Ito ay nagkakahalaga ng 3,400 yen hanggang 5,900 yen bawat buwan.

Subalit, halos lahat ng gitnang paaralan sa Osaka ay hindi naghahanda ng tanghalian para sa mag-aaral(kyuushoku). Maari lamang magdala ng sarili ninyong baon pagpunta sa eskwela. May mga paaralan na may kantina kung saan makakabili ng pagkain. Kumain lamang sa loob ng paaralan. Ipinagbabawal ang paguwi ng bahay para klumain ng pananghalian.

◆Oras ng paglilinis

Bago mag-uwian, may oras bawat araw na nakalaan sa paglilinis. Nililinis ng mga bata ang silid-aralan, ang hagdanan, ang pasilyo, ang palikuran at iba pa. Linisin natin ng sama-sama ang lugar kung saan tayo'y nag-aaral ng sama-sama.

◆Mga club o mga samahan

Pagkatapos ng oras ng pag-aaral, maaring kayong makisali sa mga gawain na may kaugnay sa isport na kung saan naipapamalas ang inyong kahusayan o sa mga klab na may kaugnay sa kultura.

◆Uwian

Ang mga mag-aaral ay ginagamit ang parehong daan sa pag-uwi na ginamit nilang papunta sa eskwela. Ang oras ng uwian ay magkaiba batay sa baitang at araw ng linggo. Umiiiba din ito tuwing araw na may magaganap sa paaralan. Ipagpapaalam ng paaralan ng maaga bago ito magaganap.

◆Damit pampaaralan

Karamihan ng gitnang paaralan ay may sarili nilang takdang uniporme. Ang mga mag-aaral ay dumadating sa eskwela na suot-suot ang mga ito (mayroon para sa taglamig at para sa tag-init na panahon).
Tuwing oras ng P.E. kinakailangan na magpalit ang mga mag-aaral sa kanilang P.E. uniform upang sila ay malayang makakagalaw. Bukod sa mga pangsilid-aralan na mga sapatos, may mga paaralan na kinakailangan magpalit ang mga mag-aaral sa mga sapatos na para lamang sa loob ng dyim.
Tuwing klase ng palangoy sa panahon ng tag-init, kinakailangan na magsuot ng kasuotang panligo at takip para sa ulo (swimsuit at swimming cap). Kapwang pangsariling-gamit lamang. Dapat sulatin ang pangalan ng bata sa sariling kagamitan. Para sa karagdagang kaalaman, konsultahin ang paaralan.

◆Ang mga klase

Ang adviser ay may hawak ng klase na binubuo ng 40 na bata pababa. Ang adviser ay maaring may katulong-guro. Magkakaiba ang guro para sa bawat subject.

※Ang bawat paaralan ay may kani-kanilang tinatalakay, mga gawain sa umpisa at wakas ng klase, at iba't-ibang pagdiriwang ng paaralan. Kung may hindi malinaw o pagaatubili huwag mahiyang magtanong kaagad sa guro.

◆Ang mga tinatalakay

Mayroong pambansang wika (Hapon), Matematika, Araling Panlipunan, Science, Musika, Arts, Kalusugan at P.E., Teknolohiya at Karunungang Pantahanan, Banyagang wika (Ingles), natatanging sabjek “Moral Values”.

※Bukod sa mga ito, mayroong oras para sa mga natatanging gawain (sa silid-aralan, sa konseho ng mag-aaral, mga club, at mga kaganapan sa eskwela) at pangkalahatang edukasyon.

◆Mga Kagamitan sa klase

Ang mga aklat-pampaaralan ay libre. Ang ibang gamit na kakailanganin ay marapat lamang na handain sa bahay. May mga klase na nangangailangan na dalhin ng mga estudyante ang sarili nilang kagamitan.

Pambansang wika (Hapon) – panulat na brush, tinta atbp
Teknolohiya at Karunungang Pantahanan – mga gamit sa pananahi

Batay sa aralin, ang mga gamit na itinakdang kailangan ng paaralan ay sabay-sabay na binibili ng paaralan para sa lahat kaya may kasong maniningil para sa mga sari-saring gamit.

◆Mga tagapagsalin

Para sa mga magulang o tagapag-alaga at kanilang mga anak na kasalukuyang nahihirapan makipag-usap sa wikang Hapon, may eskuwelahan ng maaring ipagpatawag ang mga tagapagsalin. Para sa karagdagang kaalaman, ikonsulta ang guro.

◆Mga pagsusuring medikal

【Mga pagsusuring medikal】

Mga paaralan sa Japan ay pinagpapahalagahan ang pagsusuring medikal. Mayroong maraming uri ng pagsusuring medikal.

- Pagsisiyasat sa kalusugan – (pagkuha ng kasaysayan, pagsusuri ng kasalukuyang kalagayan)
- Pagsukat ng tangkad at timbang, pagsuri sa loob ng katawan (kondisyon ng tiyan), pagsuri sa mga mata (tungkol sa kalusugan ng mga mata), pagsuri sa tenga at ilong (tungkol sa kalusugan ng tenga at ilong), pagsuri sa ngipin (tungkol sa kalusugan ng ngipin), pagsuri sa paningin (tungkol sa antas ng paningin), pagsuri sa pandinig (tungkol sa pagpaparinig ng tunog)
- Pagsusuri para sa TB (Tuberculin reaction test)
- Pagsusuri sa puso (ECG) Lahat ng mag-aaral ng unang grado ng elementarya ay kinakailangang sumailalim sa pagsusuring ito
- Pagsusuri ng ihi

※Mayroong din mga okasyon na kinakailangang sumailalim sa pagsusuri bago lumahok sa mga nakakapagod na gawain, katulad ng paglalangoy, takbuhan, pag-akyat ng bundok at magdamagang paglalakbay

◆Periyodikong pagsusulit

Sa gitnang paaralan, mayroong 5 o anim na periyodikong pagsusulit bawat taon (sa gitna at dulo ng bawat termino). May mga klase na nangangailangan ng 1ng pagsusulit lamang bawat termino, ang iba 2, may iba rin na walang pagsusulit anuman, at may iba na binabatay ang grado ng estudyante sa kanilang partisipasyon sa klase lamang. Ang mga periyodikong pagsusulit ay binibigay sa loob ng 2 o 3 araw. Mayroong mga paaralan na nagbibigay ng pagsusulit na maaring gawin sa bahay o mga pagsusulit na bilang pagsusuri lamang. Magtanong sa guro para sa karagdagang detalye.

◆Ang talaan ng marka

Ang mga grado at partisipasyon sa mga gawain ng paaralan ng bata ay naka-ulat dito. Natatanggap ito sa araw ng Pangwakas na seremonya, ang huling araw ng termino. Pagkatapos na ipakita sa mga magulang o tagapag-alaga, binabalik ito sa adviser sa araw ng Panimulang seremonya, ang unang araw ng susunod na termino.

05 Ano ang nangyayari sa loob ng eskwelahang Gitnang Paaralan? (pangyayari) TOP

Ang unang taon ng gitnang paaralan

Nag-uumpisa ang bawat school year mula Abril at nagwawakas sa Mayo sa susunod na taon. Karamihan ng paaralan ay hinahati ang taon sa tatlong bahagi (trimester), ngunit meron ding mga paaralan na hinahati ang taon sa dalawa o tatlong bahagi. Maraming pagdidiriwang ang nagaganap sa eskwelahan. May okasyon na kinakailangan ang pag-dalo ng mga magulang o ng tagapag-alaga. Mayroon ding kinakailangan ng kaunting pag-laan ng salapi. Ang paaralan mismo ang makakapagbigay ng karagdagang impormasyon. Ang pagtawag sa kaganapan ay maaring magkaiba sa bawat paaralan at lokasyon ng tirahan, ngunit ang mga ito ay maraming pagkakahawig, katulad ng nakaasaad sa sumusunod ng may tatlong termino.

Unang Termino (Abril- Hulyo)

●**Panimulang seremonya**
Ginaganap sa unang araw ng pasukan. Ang bawat antas ng buong paaralan ay karaniwang kasapi dito.

●**Seremonya ng pagpasok**
Ito ay pagdiwang sa pagtanggap ng mga estudyante sa unang baitang. Ang mga magulang o ang tagapag-alaga ay maari ding dumalo.

●**Pagsusuring medikal**
Tinitingnan ng doctor kung nasa magandang kalusugan ang mga estudyante.

●**Pagsukat ng tangkad at timbang**
Sinusukat ang tangkad at timbang ng mga mag-aaral

●**Pagbisita sa bahay**
Ang guro ay bumibisita sa bahay ng bata upang pag-usapan ang sitwasyon sa bahay sa mga magulang or tagapag-alaga.

●**Field Trip**
Ang mga bagay-bagay na hindi maaring mapag-aralan sa loob ng silid-aralan ay pinagaaralan sa labas. Maaring dumapo sa mga paksa na nauugnay sa kalikasan, kasaysayan, kultura at iba pa.

●**Pagbisita sa silid-aralan**
Mga magulang o ang mga tagapag-alaga ay maaring magbisita sa silid-aralan upang malaman ang mga karanasan ng mga bata sa eskwelahan.

●**Pagpupulong ng mga magulang at guro**
Ang mga gulang o mga tagapagalaga ay nakikipagkita sa guro ng isang beses bawat termino at pinag-uusapan ang pag-aaral, ang buhay sa paaralan at sa bahay ng mga bata.

●**Pagpupulong sa klase**
Ang mga magulang o tagapag-alaga ay dumadating sa klase upang pag-usapan sa guro tungkol sa kanilang mga anak.

●**Pagpupulong ng mga magulang, anak at guro**
Nakikipag-usap ang tatlo (o apat) na guro, ang mga magulang o tagapag-alaga at bata tungkol sa buhay sa paaralan at bahay. Ito ay karaniwang nagaganap malapit sa dulo ng termino

●**Magdamagang iskursyon**
Ang mga nasa ika-3 baitang ay magkasamang lalakbay at titigil ng magdamagan sa isang lugar. Karaniwang nagaganap ito tuwing unang termino

●**Pag-aral ng paglangoy**
May mga swimming pools karamihan sa mga paaralan. May mga swimming classes na ginaganap tuwing gitna ng Hunyo hanggang Hulyo.

●Pangwakas na seremonya

Ito ay ginaganap sa pinaka-huling araw ng bawat termino. Ang bawat antas ng buong paaralan ay karaniwang kasapi

●Tag-init na bakasyon

Ito ay isang mahabang bakasyon na tumatagal ng tatlumpu hanggang apatnapung araw. Sa panahong ito, maaring bumalik ang mga mag-aaral sa eskwelahan para sa mga klase sa paglalangoy, mga gawain para sa kanilang mga klub, at iba pa.

Pangalawang Termino (Setyembre-Disyembre)

●Paligsahan

Ang layunin nito ay gawing masaya ang pisikal na pagkilos sa pamamagitan ng mga paligsahan katulad ng maiksing distansyang takbuhan, relay race, pagsasayaw at pag-cheer sa kapwa kaklase. Depende sa paaralan, maaring hilingin ang partisipasyon ng mga magulang. Karaniwang tinatawag na "taiiku taikai" sa middle school.

●Pagdiriwang ng kultura, Pagpapakita ng mga gawa ng estudyante, Pagtanghal ng Arts

Ang mga bata ay nasisiyahan sa pagpapakita ng kanilang mga gawa sa arts, paglikha, teknolohiya, karunungang pantahanan; pageksibit ng kanilang mga pananaliksik sa araling panlipunan at science; pagtugtog ng mga instrumentong musikal o pagkakanta; pagtatanghal ng dula at iba pa. Mga magulang o ang tagapag-alaga ay karaniwang maaring ding dumalo.

●Taglamig na bakasyon (mula dulo ng Disyembre hanggang umpisa ng Enero)

Ang bakasyong ito ay tumatagal ng dalawang linggo.

Pangatlong Termino (Enero-Marso)

●Pagtatapos

Isang kaganapan ng selebrasyon kung saan binibigyan ng diploma ang mga kinikilala na nakatapos ng pag-aaral.

●Pangwakas na seremonya

Nagaganap sa huling araw ng klase. Kadalasang nakatipon ang lahat ng mag-aaral.

●Tagsibol na Bakasyon

Ito ay nagtatagal ng mga dalawang linggo. Nagsisimula mula sa pagtapos ng Pangwakas na Seremonya sa ikatatlong termino. Pagkatapos ng bakasyon na ito, ang mga mag-aaral ay sinusulong sa susunod na baitang at isang panibagong school year ay magsisimula muli sa Abril.

06 Ano ang High school? TOP

Mataas na Paaralan

Sa mga pampublikong high school ng Osaka ang mga sumusunod ay nakatakdang mga patnubay. Maari ang mga ito ay magkaiba sa bawat paaralan, kaya'y marapat na sumangguni sa inyong mga guro.

◆Ang mga baitang

Ang mataas na paaralan ay maaring isalin sa dalawang uri, ang mga sumusunod ng sistemang school year at ang mga may sistemang kredito. Sa sistemang school year, may takdang bilang ng klase bawat taon (ang isang pangkat ay maaring pumili ng sarili nilang mga klase). Maraming pagliliban, ang kabiguan na magsumite ng mga kinakailangang gawain, at di pag-aabot sa tunguhin ng resulta ng mga pagsusulit ay maghahantong sa kabiguan na makasulong sa susunod na baitang at kailangang ulitin ang buong taon. Sa sistemang kredito, walang school year at walang paguulit ng baitang. Upang makapagtapos, may takdang bilang ng kinakailangang mga klase. Ang pagpasa ng mga klase na ito ay makakapagkita ng mga yunito. Ang pagkuha ng kinakailangang bilang ng yunito ang makakapagbigay ng karapatan sa inyo na magtapos.

◆Mga yunito

Ang opisyal na katumbas ng yunito ay isang klase na tumatagal ng 50 minuto at nakikipagkita ng 35 na beses. O pwede rin pag-isipan ito na bilang ilang oras nagkikita ang isang klase sa isang linggo. Halimbawa, kung ang klase sa matematika ay nagkikita ng 4 na oras sa isang linggo, katumbas ito ng 4 na yunito. Sa high school ang bilang ng yunito na kailangan ninyo para makapagtapos ay nakatakda na , kapag nag-aral ng isang taon at nakuha ang nakatakdang puntos sa pagsusulit at iba pa, makukuha na ang yunito sa nasabing aralin. Magkaiba para sa bawat paaralan ngunit ang karamihan ay nangangailangan ng 74 yunito pataas.

◆Simula ng klase

Nag-sisimula ang klase bawat araw ng mga 8:25 hanggang 8:30 ng umaga. Maniguradong makarating sa paaralan ng mga sampung minuto bago sumapit ang oras na ito. Ang pagdating sa eskuwelahan lipas ng oras na ito ay itinuturing na "huli" ang mag-aaral. Marapat na ipaalam sa eskuwelahan kung ang estudyante ay mahuhuli o liliban sa klase buhat ng sakit o ibang dahilan.

◆Pagiging huli

Ang estudynate ay itinuturing na huli kung hindi pa siya nakapasok ng silid-aralan pag-umpisa ng klase. May maraming kaso na ang pagiging huli ay katumbas sa pagliban sa klase, at maaring makahadlang sa pagtanggap ng yunito para sa klase. Marapat na ipaalam sa eskuwelahan kung ang estudyante ay mahuhuli o liliban sa klase buhat ng sakit o ibang dahilan.

◆Oras ng pag-aaral

Ang bilang ng mga klase at oras ng labasan atbp ay magkapareho para sa lahat ng baitang. Nagsisimula ang klase ng 8:30 am at may 4 na klase sa umaga (bawat klase ay nagtatagal ng 50 minuto). Pagkatapos ng tanghalian (maaring handa ng paaralan o dalang baon) mayroong 2-3 pang klase sa hapon. Sa kabuuan may 6-7 ng klase sa isang araw. Magkakaiba ang guro para sa bawat klase.

◆Baon (hinahanda sa bahay)

Ang mga mataas na paaralan ng Osaka ay hindi naglalaan ng handang pang-tanghalian. Maaring magdala ng inyong sariling baon sa eskwelahan o bumili ng tinapay at dalhin sa eskwelahan. May mga mataas na paaralan na mayroong sariling kantina.

◆Oras ng paglilinis

Pagkatapos ng mga klase, may oras na linalaan para sa paglinis ng eskwela. Nililinis ng mga bata ang silid-aralan, ang hagdanan, ang pasilyo, ang palikuran at iba pang silid. Linisin natin ng sama-sama ang lugar kung saan tayo'y nag-aaral ng sama-sama.

◆Ang mga club or samahan

Ang oras pagkatapos ng mga klase na nakalaan para sa mga gawain ng mga klab ay tinatawag na "houkago". Sa panahong ito, maari kayong sumali sa mga klab na may ugnayan sa isport kung saan naipapamalas ang inyong kahusayan o sa mga may kaugnayan sa kultura.

◆Damit pampaaralan

Karamihan ng high school ay may sariling takdang uniporme. Dumadating ang estudyante sa paaralan na suot-suot ang mga ito (mayroon para sa tag-init at para sa tag-lamig na panahon). Tuwing oras ng P.E. (P.E.) kinakailangan na magpalit ang mga mag-aaral sa kanilang P.E. uniform upang sila ay malayang makakagalaw. Bukod sa mga pangsilid-aralan na mga sapatos, may mga paaralan na kinakailangan magpalit ang mga mag-aaral sa mga sapatos na para lamang sa loob ng dyim. Bawat paaralan ay may kanya kanayang PE uniform. Tuwing klase ng palangoy sa panahon ng tag-init, kinakailangan na magsuot ng kasuotang panligo at takip para sa ulo (swimsuit at swimming cap). Kapwang pangsariling-gamit lamang. Dapat sulatin ang pangalan ng bata sa sariling kagamitan. Para sa karagdagang kaalaman, konsultahin ang paaralan.

◆Ang mga klase

Ang adviser ay may hawak sa klaseng binubuo ng 40 o pababa na bilang ng bata. Ang adviser ay maaring may katulong-guro. Magkakaiba ang guro para sa bawat subject.

※ Ang pinag-aaralan sa bawat kurikula, ang mga aktibidad sa klase na pinapatupad sa umpisa at dulo ng isang araw ng pasok, at ang iba't-ibang ibento ng paaralan, ay kadalasang pinapatupad sa bawat klase. Kung dahil sa mga ito mayroon kayong di nalalaman o nagkaproblema, mangyari lamang makipag-konsulta kaagad sa gurong humahawak ng klase.

◆Ang mga tinatalakay

Sa mataas na paaralan pinag-aaralan ang wika (makabago at klasikong Hapong katha), Araling Panlipunan (Geograpiya, Kasaysayan atbp), Civics (modernong panlipunan, atbp), Matematika, Science (Pisika, Byolohiya, Kimika atbp.), Kalusugan at P.E., Arts (Arts, Kaligrapiya, Musika atbp), Banyagang wika atbp. Ang ibang uri ng high school ay may sarili nilang partikular na asignatura.

※ Bukod sa mga ito, mayroong Edukasyong Pagpapahalaga, bukod-tanging mga gawain (Aktibidad ng klase, sa konseho ng mag-aaral, at mga kaganapan) at pangkalahatang edukasyon. Itong mga bukod-tanging mga gawain, katulad ng Konseho ng mag-aaral, ay pinapahintulutan ang mga bata na gumawa ng sarili nilang mga aktibidad para sa ikabubuti ng buhay sa paaralan.

◆Mga kagamitan

Ang mga gamit sa pag-aaral kasama na ang mga aklat ay hindi libre. Sa Arts at iba pang klase, kakailanganin ng estudyante ng sarili niyang gamit.

◆Mga tagapagsalin

Ang Lupon ng Edukasyon ng Osaka ay tinutulungan ang mga estudyante na limitado pa ang pagkaunawa ng wikang Hapon sa pagbibigay ng karagdagang klase. Nagpapadala din sila ng tagapagsalin para sa mga magulang na hindi pa makapag-usap sa wikang Hapon tuwing pagpupulong sa guro. Maari lamang tanungin

ang inyong mga guro para sa karagdagang impormasyon.

◆Mga pagsusuring medikal

<Mga pagsusuring medical>

Mga paaralan sa Japan ay gumagawa ng regular na pagsusuring medikal. May maraming uri ng pagsusuring medikal.

- Pagsisiyasat sa kalusugan (pagkuha ng kasaysayan, pagsusuri ng kasalukuyang kalagayan)
- Pagsukat ng tangkad at timbang, pagsuri sa loob ng katawan (kondisyon ng tiyan), pagsuri sa mga mata (tungkol sa kalusugan ng mga mata), pagsuri sa tenga at ilong (tungkol sa kalusugan ng tenga at ilong), pagsuri sa ngipin (tungkol sa kalusugan ng ngipin), pagsuri sa paningin (tungkol sa antas ng paningin), pagsuri sa pandinig (tungkol sa pagpaparinig ng tunog)
- Pagsusuri para sa TB (Tuberculin reaction test) Para sa nangangailangan lamang
- Pagsusuri sa puso (ECG) Lahat ng mag-aaral ng unang grado ng elementarya ay kinakailangang sumailalim sa pagsusuring ito.
- Pagsusuri ng ihi

※Mayroong din mga okasyon na kinakailangang sumailalim sa pagsusuri bago lumahok sa mga nakakapagod na gawain, katulad ng paglalangoy, takbuhan, pag-akyat ng bundok at magdamagang paglalakbay.

◆Periyodikong pagsusulit

Sa mataas na paaralan, mayroong 5ng periyodikong pagsusulit bawat taon (sa gitna at dulo ng bawat termino). May mga klase na nangangailangan ng 1ng pagsusulit lamang bawat termino, ang iba 2, may iba rin na walang pagsusulit anuman, at may iba na binabatay ang grado ng estudyante sa kanilang pagsali at paggawa sa loob ng klase, atbp. Ang mga periyodikong pagsusulit ay karaniwang binibigay sa loob ng 3～5 araw. Mayroong mga paaralan na nagbibigay ng pagsusulit na maaring gawin sa bahay o mga pagsusulit na bilang pagsusuri lamang. Magtanong sa guro para sa karagdagang detalye.

◆Ang talaan ng marka

Ang mga grado at partisipasyon sa mga gawain ng paaralan (pagdalo, pagliban atbp) ng bata ay naka-ulat dito. Natatanggap ito sa araw ng Pangwakas na seremonya, ang huling araw ng termino. Pagkatapos na ipakita sa mga magulang o tagapag-alaga, binabalik ito sa adviser sa araw ng Panimulang seremonya, ang unang araw ng susunod na termino.

Ano ang High school?

Naguumpisa ang bawat school year mula Abril at nagwawakas sa Marso. May dalawang uri ng high school. Ang isa ay gumagamit ng sistemang school year, kung saan kinakailangang ulitin ng mag-aaral ang buong taon kung hindi nila maabot karapat-dapat na grado at maging liban sa klase lampas sa pinahihintulutan na bilang ng araw bawat taon). At ang iba naman ay gumagamit ng sistemang kredito, kung saan makakapagtapos ang estudyante kung maaabot nila ang karapat-dapat na grado at makadalo sa mga klase sa riniseta na bilang ng araw sa loob ng 3 taon pataas. Ang sistemang school year na mga paaralan na pinapalakad sa ilalim ng sistema na may 3 termino at iba na 2 termino lamang. May mga okasyon na kinakailangan ang pagdalo ng mga magulang o tagapag-alaga sa eskwelahan upang makipagpulong sa adviser. Bukod sa tuition fee (bayarin sa pagturo), may mga kaganapan na kinakailangang magtustos ng gastusin (katulad ng magdamagang paglalakbay). Ang mataas na paaralan ay mas sumesentro sa mga mag-aaral kaysa sa elementarya o gitnang paaralan. Ang pagtawag sa kaganapan ay maaring magkaiba sa bawat paaralan at lokasyon ng tirahan, ngunit ang mga ito ay maraming pagkakahawig. Tignan natin ang halimbawa ng isang paaralan na may tatlong termino.

Unang Termino (Abril- Hulyo)

●Panimulang seremonya

Ginaganap sa unang araw ng pasukan. Ang bawat antas ng buong paaralan ay karaniwang kasapi dito.

●Seremonya ng pagpasok

Ito ay pagdiwang sa pagtanggap ng mga estudyante sa unang baitang. Ang mga magulang o ang tagapag-alaga ay maari ding dumalo.

●Pagsusuring medikal

Tinitingnan ng doctor kung nasa magandang kalusugan ang mga estudyante.

●Pagsukat ng tangkad at timbang

Sinusukat ang tangkad at timbang ng mga mag-aaral

●Field Trip

Ang mga bagay-bagay na hindi maaring mapag-aralan sa loob ng silid-aralan ay pinagaaralan sa labas. Maaring dumapo sa mga paksa na nauugnay sa kalikasan, kasaysayan, kultura at iba pa.

●Pagpupulong ng mga magulang, anak at guro

Ang mga magulang o ang tagapag-alaga, kasama ang kanilang mga anak, ay pag-uusapan ang buhay sa paaralan at bahay sa guro.

●Pag-aral ng paglangoy

May mga swimming pool ang karamihan sa mga high school. May mga swimming classes na ginaganap tuwing gitna ng Hunyo hanggang Hulyo.

●Pangwakas na seremonya

Ito ay ginaganap sa pinaka-huling araw ng bawat termino. Ang bawat antas ng buong paaralan ay karaniwang kasapi.

●Tag-init na bakasyon

Ito ay isang mahabang bakasyon na tumatagal ng tatlumpu hanggang apatnapung araw. Sa panahong ito, maaring bumalik ang mga mag-aaral sa eskwelahan para sa mga klase sa paglalangoy, mga gawain para sa kanilang mga klub at mga gawaing kauri nito.

Pangalawang Termino (Setyembre-Disyembre)

●Paligsahan

Ang layunin nito ay gawing masaya ang pisikal na pagkilos sa pamamagitan ng mga paligsahan katulad ng maiksing distansyang takbuhan, relay race, pagsasayaw at pag-cheer sa kapwa kaklase. Depende sa paaralan, maaring hilingin ang partisipasyon ng mga magulang.

●Pagdiriwang ng kultura, Pagpapakita ng mga gawa ng estudyante

Ang mga bata ay nasisiyahan sa pakikinig sa bawat klase na magpatugtog ng instrumentong musika, sa pagpapakata at pagtatanghal ng dula. Mga magulang o ang tagapag-alaga ay karaniwang maaring ding dumalo.

●Taglamig na bakasyon (mula dulo ng Disyembre hanggang umpisa ng Enero)

Ang bakasyong ito ay tumatagal ng dalawang linggo.

Ikatatlong Termino (Enero - Marso)

●Magdamagang iskursyon

Sa mga pampublikong mataas na paaralan, ang mga nasa ika-2 baitang ay magkasamang lalakbay at titigil ng magdamagan sa isang lugar. Karaniwang nagaganap ito tuwing 2ng or 3ng termino.

●Pagtatapos

Isang kaganapan ng selebrasyon kung saan binibigyan ng diploma ang mga kinikilala na nakatapos ng pag-aaral. (Ang mga nakakuha ng kinakailangang dami ng unit.)

* Para sa karagdagang detalye, puntahan ang bahagi tungkol sa mga uri ng High School.

●Pangwakas na seremonya

Nagaganap sa huling araw ng klase. Kadalasang nakatipon ang lahat ng mag-aaral.

●Tagsibol na Bakasyon

Pagkatapos ng Pangwakas na Seremonya ay nagiging tag-sibol na bakasyon na.

07 Ang mga patakaran sa pagkuha ng pasukan pagsusulit TOP

●Sa Japan, 90% ng mga nakapagtapos ng gitnang paaralan ay tumutuloy sa mataas na paaralan
Para sa mga nais kunin ang pasukan pagsusulit para sa mataas na paaralan, paaralang bokasyonal o ang mga katulad nito, mainam na mag-isip ng estratehiya at maghanda sa lalong madaling panahon.

- Piliin ang eskwelang nais pasukan habang sa maagang panahon
  → Mainam na piliin ang eskuwelahan na nais ninyong pasukan ng mga 6 na buwan bago mag-umpisa ang mga pasukan pagsusulit. Marami kayong malalaman sa pagbisita sa “multilingual career guidance”. Maari kayong makipag-usap ng pribado.

- Bisitahin ang paaralan
  → Bisitahin ang paaralan bago magpasya na doon talaga nais ninyong pumasok. Sa karamihan ng mga mataas na paaralan, ito ang tinatawag na pagtikim ng pagpasok sa high school ng deretsahan. Maari ninyong puntahan ang paaralan at tingnan ang mga silid-aralan, ang himnasyon atbp. Maari rin kayong maki-salo sa mg klase. Baka, pinapahintulutan na sumama ang isang tagapag-salin, ikonsulta ang guro.

- Mag-aral ng mabuti
  → Ang mga pasukan pagsusulit ay may malawak na saklaw. Isaliksik ng lubusan at pag-aralan ng mabuti. Tanungin ang guro para sa payo sa pinaka-mabisang paraan ng pag-aaral.

- Konsultahin ang mga guro, magulang o tagapag-alaga ng madalas
  → Kahit na ang pagpili ng mataas na paaralan ay iyo sa kahuli-hulihan, makakabigay ang inyong mga guro, magulang o tagapag-alaga ng mga mahalagang payo. At saka, kapag hindi makipag-alam ang inyong paaralan sa high school na inaplayan, hindi ninyo matatanggap ang espesyal konsiderasyon at ibang kailangang dokyumento at hindi kayo makakapagkuha ng pagsusulit.

- Isumite ang aplikasyon sa piniling high school
  → Matapos makipag-usap sa inyong mga guro, sagutin ang aplikasyon at isumite sa piniling high school sa takdang panahon.

- Kunin ang pagsusulit
  → Magtungo sa paaralan sa takdang araw at kunin ang pagsusulit.

08. Mga Kagamitang Ginagamit sa Eskwela TOP

Kagamitan	Paliwanag
Panulat	Ginagamit sa klase ng wikang bansa (Hapon) at kaligrapiya. Ang brush ay ginagamit sa pagsulat ng letra.
Ruler (naka-sentimetro)	Para sa matematika at aritmetika. Sinusukat ang haba ng mga bagay.
Tatsulok	Ginagamit sa klase sa matematika at aritmetika.
Kumpas	Ginagamit sa klase ng matematika, aritmetika at Arts. Pang-guhit ng bilog.
Protraktor	Ginagamit sa klase sa matematika at aritmetika. Sinusukat ang grado ng anggulo.
Silindro	Karaniwang ginagamit sa klase ng musika para sa mababang antas ng elementarya.
Kastanyedas	Karaniwang ginagamit sa klase ng musika para sa mababang antas ng elementarya.
Silindro na may teklada	Karaniwang ginagamit sa klase ng musika para sa mababang antas ng elementarya.
Rekorder (plauta)	Ginagamit tuwing klase sa musika.
Lalagyan	Kung saan tinatago ang sariling gunting, pandikit atbp.
Gunting	Para sa klase sa Arts and Crafts.
Pandikit	Para sa klase sa Arts and Crafts.
Iskats teyp	Para sa klase sa Arts and Crafts.
Kraypas	Para sa klase sa Arts and Crafts.
May kulay na mga lapis	Para sa klase sa Arts and Crafts.
Akwarela	Para sa klase sa Arts and Crafts.
Pait	Para sa klase sa Arts and Crafts.
Gamit sa pananahi	Para sa klase sa karunungang pantahanan. Kasama ang karayom, sinulid, gunting atbp.
Laktaw-lubid	Ginagamit tuwing klase sa P.E.
Uniporme (pang-tag-init at tag-lamig)	Ang takdang pang-araw-araw na suot para sa paaralan. May mga eskuwela na walang tinatakdang uniporme.
Bota	Hindi para sa loob ng paaralan. Iuwi isang beses bawat linggo para linisin. Mainam rin na magkaroon ng sarili nitong lalagyan.
Bag, dagdag na bag	Ang mga elementarya ay gumagamit ng backpack (randoseru). Ang mga nasa gitna at mataas na paaralan ay may sariling takdang uri ng bag.
P.E. uniporme (pang-tag-init at tag-lamig)	Sinusuot tuwing klase sa P.E. upang bigyan ng kalayaan ng pagkilos. Karamihan ng paaralan ay may takdang disenyo.
P.E. sapatos	Sinusuot sa loob ng himnasyo.
Kasuotang panglangoy, swim cap	Ang mga ito ay sinusuot tuwing klase sa paglangoy tuwing tag-init. Bawat paaralan ay may takdang kasuotang panglangoy at takip sa ulo.
Tuwalyang panligo	Ginagamit tuwing klase sa paglangoy.

Bag pang swimming	Nabibitbit na plastik na bag kung saan linalagay ang nabasa na tuwalya at panglangoy.
Lalagyan ng inumin	Dalhin sa tag-init at kapag may iskursyon. Lagyan ng tsaa. (Huwag lagyan ng juice o matamis na tsaa.)
Chopsticks	Ginagamit tuwing tanghalian
Epron, takip sa ulo, takip sa mukha	Sa elementarya, ito ay isinusuot ng mga batang namamahagi ng tanghalian hinanda ng eskuwelahan, at tuwing klases sa karunungang pantahanan. Ang mga mag-aaral sa gitna at mataas na paaralan ay sinusuot din ang mga ito tuwing klase sa karunungang pantahan.
Sipilyo, tasa	Ginagamit pagkatapos ng tanghalian, tuwing ang lahat ay nagsisipilyo ng kanilang ngipin. Karaniwang dala ng mga estudyanteng elementarya.

Mga paaralan kung saan ginagamit ang sariling wika.

09 Listahan ng mga pang-internasyonal na paaralan TOP

Mga Magkakaibang Paaralang Bokasyonal

Pangalan ng Paaralan	Lokasyon	Telepono
(Osaka Chūka Gakkō) Osaka Chinese na Paaralan	〒556-0012 1-8-13 Shikitsuhigashi, Naniwa-ku, Ōsaka-shi	06-6649-6849
(Osaka Chōsen Kōkyū Gakkō) Osaka Koreanong Mataas na Paaralan	〒578-0984 2-18-26 Hishie, Higashiōsaka-shi	072-963-3481
(Nakaosaka Chosen Shochūkyū Gakkō) Gitnang Osaka Koreanong Elementarya at Gitnang Paaralan	〒537-0021 3-17-6 Higashinakamoto, Higashinari-ku, Ōsaka-shi	06-6981-8981
(Higashi Osaka Chōsen Chūkyū Gakkō) Silangang Osaka Koreanong Gitnang Paaralan	〒578-0984 2-18-26 Hishie, Higashiōsaka-shi	072－963-0991
(Kita Osaka Chōsen Shochūkyū Gakkō) Hilagang Osaka Koreanong Elementarya at Gitnang Paaralan	〒533-0015 1-5-19 Ōsumi, Higashiyodogawa-ku, Ōsaka-shi	06-6328-6794
(Minami Osaka Chōsen Shokyū Gakkō) Timog Osaka Koreanong Paaralang Elementarya	〒559-0011 1-11-1 Kitakagaya, Suminoe-ku, Ōsaka-shi	06-6685-6505
(Higashi Osaka Chōsen Shokyū Gakkō) Silangang Osaka Koreanong Paaralang Elementarya	〒577-0845 2-4-22 Teramae-chō, Higashiōsaka-shi	06-6728-4202
(Osaka Chōsen Daiyon Shokyū Gakkō) Osaka ika-4 na Koreanong Paaralang Elementarya	〒544-0034 4-9-22 Momodani, Ikuno-ku, Ōsaka-shi	06-6712-8833
(Ikuno Chōsen Shokyū Gakkō) Ikuno Koreanong Paaralang Elementarya	〒544-0012 3-14-16 Tatsuminishi, Ikuno-ku, Ōsaka-shi	06-6758-0848
(Jōhoku Chōsen Shokyū Gakkō) Jōhoku Koreanong Paaralang Elementarya	〒535-0022 6-8-4 Shinmori, Asahi-ku, Ōsaka-shi,	06-6951-3221
(Osaka Fukushima Chōsen Shokyū Gakkō) Osaka Fukushima Koreanong Paaralang Elementarya	〒555-0033 6-2-3 Himeshima, Nishiyodogawa-ku, Ōsaka-shi	06-6473-8487
International School sa Osaka ng Kwansei Gakuin http://www.senri.ed.jp/	〒562-0032 4-4-16 Onoharanishi, Minoo-shi	072-727-5050
Osaka YMCA Paaralang Internasyonal http://www.oyis.org	〒531-0071 6-7-34 Nakatsu, Kita-ku, Ōsaka-shi	06-6345-1661
(Korea Kokusai Gakuen) Korea International School http://www.kiskorea.org/	〒567-0057 2-13-35 Toyokawa, Ibaraki-shi	072-643-4200

Mga pribadong paaralang na may maraming banyagang mag-aaral (Batas ng Paaralang Edukasyon Artikulo 1)

Pangalan ng paaralan	Lokasyon	Telepono
(Kongo Gakuen Sho/Chū/Kōtō Gakkō) Kongo Elementarya/Gitna/Mataas na Paaralan http://www.kongogakuen.ed.jp/	〒559-0034 2-6-10 Nankoukita Suminoe-ku Ōsaka-shi	06-4703-1780
(Hakutou Gakuin Kenkoku Yō/Sho/Chū/Kōtō Gakkō) Baekdu Hagwon Pundasyon ng Edukasyon Kinder/Elementarya/Gitna/Mataas na Paaralan http://www.keonguk.ac.jp/	〒558-0032 2-3-13 Oriono, Sumiyoshi-ku, Ōsaka-shi	06-6691-1231

10 Mga klase sa wikang hapon sa loob ng paaralan at sa komunidad TOP

Sa mga elementarya at gitnang paaralan, maraming lugar sa Osaka ay nagbubukas ng mga klase sa wikang Hapon para sa mga nais matuto. Ibaal o sa munisipyo. Maari rin silang pNgunit, ang karamihan ay makikita sa loob ng paaralan mismo. Tuwing mga oras ng klase na mahirap intindihin (katulad ng Pambansang wika o Araling Panlipunan) gawa ng kakulangan sa pag-intindi ng wikang Hapon, iniilipat ang mga mag-aaral na nahihirapan sa ibang silid-aralan (o kaya sa ibang paaralan) para sa oras ng klaseng na iyon lamang, at kasama ang ibang ka-baitang ay nag-aaral ng wikang Hapon.

Sa mga lugar na ganitong uri ng klase ay hindi hinahandog, tuwing oras ng Pambansang wika o anumang mahirap na klase, ang mga mag-aaral ay linilipat sa ibang silid-aralan kung saan sila ay tinuturuan ng dahan-dahan ng ibang guro upang sila ay makapagunawa. Maari din itong maganap pagkatapos ng regular na klase o tuwing bakasyon.

Mangyaring bigyan pansin na ang laman at kadalasan ng mga klase sa wikang Hapon ay magkaiba sa bawat pook (o sa bawat paaralan). Marapat lamang na makipag-ugnay muna sa guro.Ang mga klase sa wikang hapon ay karaniwang hindi hinahandog sa mga mataas na paaralan.

Mga klase sa wikang hapon sa inyong lokalidad

Sa bawat lokalidad sa Osaka, maaring dumalo sa mga klase sa wikang Hapon na itinatatag ng mga Samahan ng Pandaigdigang Pagpapalitan at mga ka-uri nito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga klase, pumunta dito:

http://www.call-jsl.jp/

Hello Work! Directoryo

11 Lugar kung saan makakakuha ng imporasyon tungkol sa trabaho (Listahan ng Hello work)

TOP

Dito ay kung saan ang mga taong nais maghanapbuhay ay ipapakilala sa mga trabaho.
Ang sumusunod ay ang mga pampublikong ahensiya ng pagtatrabaho sa Osaka.

Lokalidad	Numero ng Telepono	Zip Kowd	Lokasyon
Hello Work Osaka Higashi	06-6942-4771	540-0011	1F-3F Pip Bldg., 2-1-36 Nouninbashi, Chūō-ku, Ōsaka-shi
Hello Work Umeda	06-6344-8609	530-0001	16F, No.2 building, 1-2-2 Umeda, Kita-ku, Ōsaka-shi
Hello Work Osaka Nishi	06-6582-5271	552-0011	1-2-34 Minami Ichioka, Minato-ku, Ōsaka-shi
Hello Work Abeno	06-4399-6007	545-0004	1-4-2 Fuminosato, Abeno ku, Osaka shi
Abeno Wakamoto Hello Work (10F ng Lucias office)	06-6631-1675	545-0052	10F, Abeno Lucias Building, 1-5-1 Abenosuji, Abeno-ku, Ōsaka-shi
Hello Work Yodogawa	06-6302-4771	532-0024	3-4-11 Jūsōhon-machi, Yodogawa-ku, Ōsaka-shi
Hello Work Fuse	06-6782-4221	577-0056	4F AEON Fuse Ekimae branch, 1-8-37 Chodo, Higashi Osaka-shi
Hello Work Sakai	072-238-8301	590-0078	The 1st to 3rd floor of Sakai district Goudouchousha, 2-29, Minami-Kawaramachi, Sakai-ku, Sakai-shi
Hello Work Sakai Higashi Ekima Office	072-238-8305	590-0028	9F Takashimaya Sakai Ten, 59 Mikunigaokamiyukidori, Sakai-ku, Sakai-shi
Hello Work Kishiwada	072-431-5541	596-0826	1264 Zakuzaichō, Kishiwada-shi
Hello Work Ikeda	072-751-2595	563-0058	12-9 Sakaehon-machi, Ikeda-shi
Hello Work Izumiōtsu	0725-32-5181	595-0025	TEXPIA OSAKA 2F 22-45 Asahi-chō, Izumiōtsu-shi
Hello Work Fujiidera	072-955-2570	583-0027	3F DH Fujiidera Ekimae Bldg. 2-10-18 Oka Fujiidera-shi
Hello Work Hirakata	072-841-3363	573-0031	6F VIE. ORNER, AEON Hirakata Branch, 7-1 Okamoto-cho, Hirakata-shi
Hello Work Izumisano	072-463-0565	598-0007	2-1-20 Ue-machi, Izumisano-shi
Hello Work Ibaraki	072-623-2551	567-0885	1-12 Higashichūjō-chō, Ibaraki-shi
Hello Work Kawachinagano	0721-53-3081	586-0025	7-2 Shōei-chō, Kawachinagano-shi
Hello Work Kadoma	06-6906-6831	571-0045	2F, Hall ng Commerce-and-industry ng Moriguchi-Kadoma, 6-4 Tonoshima-chō, Kadoma-shi
Osaka Employment Service Center for Foreigners	06-7709-9465	530-0017	16F Hankyu Grand Building, 8-47 Kakuda-cho, Kita-ku, Osaka-shi

12 Bukod sa mga karaniwang klase sa mataas na paaralan, mayroong mga paaralan na naghahandog ng dalubhasang karunungan at pagsasanay sa kakayahan (Pagkuha ng kasanayan para makapagtrabaho)

TOP

◆Mga Paaralan ng Dalubhasang Pagsasanay (Koutou Shokugyou Gijutsu Senmonkou)

Ito ay mga institusyon na nagaalay ng iba't-ibang pagsasanay na may kaugnayan sa pagtrabaho ng maikling panahon ng kalahating taon hanggang 2 na taon at kung saan makakakuha ng dalubhasang karunungan at kakayahan.
Maaring idaan ang aplikasyon sa mga pampublikong ahensiyang pantrabaho (Hello Work!).Sa Osaka, mayroong 6 na ganitong uri ng paaralan, kasama ang Paaralan para sa Pag-unlad ng Pantrabahong Kakayahan ng mga may Kapansanan ng Osaka.

Techno Center Minami-Osaka	072-553-3005
Techno Center Kita (North) Osaka	072-808-2151
Techno Center Higashi (East) Osaka	072-964-8836
Techno Center Yuuhigaoka	06-6776-9900
Paaralan para sa Pag-unlad ng Pantrabahong Kakayahan ng mga may Kapansanan ng Osaka	072-296-8311

※Para sa karagdagang impormasyon maari lamang makipagkonsulta sa inyong guro o tagapayo ng inyong eskuwela.

◆ Kolehiyong Pang-teknolohiya (Koutou Senmon Gakkou)

Ito ay mga paaralan na sumisikap na paunlarin ang kakayahan na kinkailangan sa trabaho sa paghandog ng mga napaka-komprehensibong kurso. Sila ay nakatuon sa mga kurso na may kinalaman sa industriya. Pagkalipas ng 5 taon maaring makapagtrabaho ang mga nagsipagtapos bilang propesyonal na inhinyero o pumasok sa mga unibersidad.
Sa Osaka nariyan ang (Osaka Furitsu Daigaku Kougyou Koutou Senmon Gakkou) o ang Kolehiyong Pangteknolohiya ng Lalawigan ng Osaka na mayroong 5 taong sistema.

◆Mga walang kategoryang paaralan at mga paaralang teknikal

○ Mga walang kategoryang paaralan (Kakushu Gakkou)
Ang mga ito ay mga institusyong pang-edukasyon kung saan ang kakayahan at mga katangian na kailangan upang maging isang mapakanikanibangang miyembro ng lipunan sa maiksi lamang na panahon. Ang mga kurso ay karaniwang tumatagal ng isang taon lamang.
Mga kurso: Pagpapaganda at pag-ayos ng buhok, Pagluluto atbp.

○ Mga paaralang Teknikal (Senshuu Gakkou)
Ang mga ito ay mga paaralan kung saan pumapasok ang mga nagtapos ng gitnang paaralan at sumusunod ng ordinaryong kurikulum ng mataas na paaralan na may karaniwang klase at may karagdagang mga pang-dalubhasang klase. Pinagsasama nila ang pagsasanay sa kakayahan at sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga mataas na paaralan, makakatanggap din ang mga estudyante ng high school diploma.
Mga kurso: Pagsasanay sa Komputer, Pagpapaganda at pag-ayos ng buhok, Karunungang pantahan, mga banyagang wika, pag-ayos ng sasakyan atbp.